

# PAGHAHANDA NG TAHANAN PARA SA SUNOG SA KAGUBATAN

Fact Sheet 2 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

## PLANO UPANG MAPANGALAN ANG INYONG TAHANAN: Paghahanda ng inyong Tahanan para sa Panahon ng Sunog sa Kagubatan

**Kung susundin ninyo ang simpleng mga gabay na ito maaari ninyong mabawasan ang banta ng mga baga at sunog sa kagubatan na maapektuhan ang inyong tahanan:**

- Linisin nang palagian ang mga dahon sa mga alulod, mga bubungan at mga pababang tubo at maglagay ng mahusay na mga pangharang sa dahon.
- Maglagay ng mesh na yari sa pinong alambre sa mga lagusan sa bubungan ng bahay
- Kapag nagkakabit ng mga LPG cylinder sa palibot ng inyong tahanan, tiyakin na ang balbulang pampahupa ng presyon nito ay nakaharap palabas upang ang apoy ay hindi nakadirekta sa bahay.
- Itabi ang mga tambak ng kahoy na malayo sa bahay at may takip.
- Putulin ang mahabang sanga ng mga puno, putulin nang maikli ang mga damo, at kalaykayin ang maaaring masunog na mga dahon, maliliit na sanga at mga pinagputulan.
- Huwag magtambak ng mga pinutol na puno, mga pinutol na damo atbp sa likod ng inyong ari-arian sa mga parke ng konseho o mga lupang magubat.
- Tiyakin na ang mga hose sa inyong hardin ay sapat ang haba upang maabot ang mga hanggahan.
- Magtanim ng mga puno at mga palumpong na hindi gaanong malamang na magsindi dahil sa kakaunti ang kanilang nilalamang langis.
- Kung kayo ay may palanguyan, maglagay ng karatulang 'Static Water Supply' sa inyong harapang bakod. Kontakin ang inyong lokal na istasyon ng bumbero para sa impormasyon.
- Pag-isipan ang pagbili ng binibitbit na pambomba na magagamit sa inyong palanguyan o tanke ng tubig.
- Kung mayroong Pangkomunidad na Unit para sa Sunog o grupong 'Firewise' sa malapit, maging miyembro nito.
- Tiyakin na ang anumang mga fire hydrant o pamatay ng sunog na malapit sa inyong tahanan ay madaling matagpuan at hindi nahaharangan.

**Sa pangyayaring nagbabanta sa inyong tahanan ang sunog sa kagubatan:**

- Huwag pumasok sa kagubatan kung may usok o sunog sa lugar. Manatiling kalmado at ireport ang lahat ng sunog sa 000!
- Alamin kung kailangan ng tulong ng mga matatandang kapitbahay.
- Kung maaari, barahan ang inyong mga alulod at punuin ng tubig.
- Kung naisin ninyong magbakwit nang mag-isa, gawin ito nang maaga.
- Kung pinag-utusan ng Pulisya ng NSW o Mga Kawani ng Pangkagipitang Serbisyo ng ACT na magbakwit, dapat kayong sumunod, kaya ihanda ang mga alagang hayop at mag-empake ng mahahalagang mga gamit at maghandang lumisan.
- Magsuot ng mahabang mga manggas at mahabang mga pantalon, natural na mga tela at matibay na sapin sa paa.
- Isara ang lahat ng mga bintana at mga pintuan, barahan ang mga puwang sa ilalim ng mga pintuan ng mga tuwalya o mga blanket.
- Kung palapit ang sunog sa inyong bahay, dalhin sa loob ang inyong hose sa hardin at mga ikinakabit dito upang hindi matunaw ang mga ito sa apoy, dahil sa maaari ninyo itong gamitin sa bandang huli.
- Upang makatulong na patayin ang mga apoy sa lugar matapos na makaraan ang sunog, ilagay ang mga hose, hagdan, pala at baldeng lata sa malapit.
- Magtabi ng plaslayt at binibitbit na radyo sa tahanan kung sakaling mawalan ng kuryente.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG**

o bisitahin ang website na: [www.fire.nsw.gov.au](http://www.fire.nsw.gov.au) [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au) o [www.esa.act.gov.au](http://www.esa.act.gov.au)

## TANDAAN

**MAGING HANDA  
MAGING MAALAM  
MANATILING KALMADO**

**SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000**